
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Home Economics - Modyul 2: Wastong Paraan ng Pag-alis ng Mantsa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasong Pantahanan at Pangkabuhaan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Home Economics - Modyul 2: Wastong Paraan ng Pag–alis ng Mantsa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Raquel R. Indolos

**Editor:** Idah M. Sayre, Henry T. Jarina

**Tagasuri:** Annie Vir Dalanon-Tariao, ritchell Marie B. Villamor

**Tagalapat:** Julio A. Cañega

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Lani H. Cervantes
Alejandro S. Almendras
Maria Pia B. Chu
Allan O. Celedonio
Imelda A. Amodia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VIII**
Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 323 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Home Economics - Modyul 2: "Wastong Paraan ng Pag-alis ng Mantsa"

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5 - Home Economics ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Wastong Paraan ng Pag – alis ng Mantsa.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras/panahon. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5 - Home Economics ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Wastong Paraan ng Pag – alis ng Mantsa.**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang pagkakataon sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot ng may (100%), maaari mong laktawan o ipagpaliban ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o mga gawaing nakasusukat sa mga kaalaman ng mag-aaral sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang mailapat ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o pangyayari ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Panatilihin ang katapatan sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago dumako sa iba pang pagsasanay.
6. Ibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo it

## *Alamin*

Sa modyul na ito, inaasahang maisasagawa ang wastong paraan ng paglalaba at makikilala ang mga tamang paraan sa pag-aalis ng mga mantsa sa damit.

Dito tatalakayin ang paglalaba sa paraan ng pagkilala at pagtanggal ng mantsa sa mga damit. Maraming uri ng mga mantsa ang pwedeng makukuha sa kung saan–saan, dahil na rin sa kapabayaan at minsan sa pagmamadali sa paggawa sa kung anu-anong mga bagay. Sa iba't ibang uri ng mantsa, iba't–ibang uri rin ang mga pamamaraan sa pagtanggal nito. Kaya, napakahalagang malaman ang mga kaalaman sa pagtanggal ng mga ito.

## *Subukin*

Bago umpisahan ang aralin, maaaring sagutin muna ang sumusunod na pagsasanay upang sukatin ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa paglalaba at pag-aalis ng mga mantsa.

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag nagsasaad ng wasto at **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

_______1. Tanggalin muna ang mantsa ng damit bago ito isuot uli.
_______2. Kaaya-ayang tingnan ang damit na malinis at walang mantsa.
_______3. May mga tamang paraan na sinusunod sa pag-aalis ng mantsa.
_______4. Ang pag-alis ng mantsa ay dapat iwasan upang hindi masira ang mga kasuotan.
_______5. Buhusan ng mainit na tubig ang bahaging may mantsa ng dugo bago ito sabunin at labhan.
_______6. Ang sabong panligo ay mainam na pantanggal ng mantsa ng pintura.
_______7. Ang likod ng kutsilyo ay maaaring gamitin sa pag-aalis ng mantsa ng kandila pero dapat marahan lang ang pagkuskos nito upang hindi masira ang damit.
_______8. Mag-ingat sa mga bagay na maaaring magdulot nang matinding mantsa sa mga kasuotan.
_______9. Upang mapadali ang pag-aalis ng mantsa ay dapat na tanggalin ito habang bago pa.
______10. Ang suka ay mabisang pantanggal ng mantsa.

# Aralin 1 Wastong Paraan ng Pag–alis ng Mantsa

Ang pag-aalis ng mantsa ay isang gawain na dapat matutunan ng bawat isa upang mapanatiling malinis ang ating mga kasuotan. Mahalagang isaalang-alang ang mga tamang pamamaraan ng pagtanggal ng mantsa upang maiwasan ang pagkasira ng mga damit at mapanatili ang kalidad nito.

## *Balikan*

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga tamang paraan ng paglalaba sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang bilang sa bawat patlang. Gawin ito sa iyong kwaderno.

____________ Ihiwalay din ang puting damit sa mga de-kolor na mga damit.

____________ Tingnan kung may anumang bagay na nasa loob ng bulsa.

____________ Banlawang mabuti ang mga damit.

____________ Ihanda ang mga gamit sa paglalaba gaya ng sabon, palanggana, tubig, eskoba at iba pa.

____________ Basain isa-isa ang mga damit.

____________ Isampay ang mga de-kolor na damit sa di-gaanong nasisikatan ng araw upang hindi madaling kumupas ang kulay nito.

____________ Ikula ang mga puting damit na nasabon na habang nilalabhan ang mga damit di-gaanong marumi at de-kolor.

____________ Unang kusutin at sabunin ang mga puting damit. Unahin ang kuwelyo, kilikili, laylayan at bulsa sa pagkukusot. Isunod ang iba pang mga damit na hindi gaanong marumi.

____________ Isampay ang mga puting damit sa mainit na lugar.

____________ Ihiwalay ang mga pinakamaruming damit at di gaanong maruming damit.

# *Tuklasin*

Ang ating mga kasuotan ay mahalagang mapanatili ang kalinisan at higit sa lahat walang bahid ng anumang mantsa upang ito ay kaaya-ayang tingnan at maginhawa sa pakiramdam. Para sa mga karagdagang impormasyon at lalong mas mapalawak ang iyong kaalaman ukol sa tamang paglalaba at pagtanggal ng mga mantsa sa damit, maaring ipagpatuloy ang pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

**Gawain 1**

Panuto: Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang ipinahahayag ng bawat pangungusap ay wasto at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

________ 1. Buhusan ng alkohol ang sariwang mantsa ng tinta. Banlawan sa malamig na tubig bago labhan at sabunin. Kung di pa matanggal ang mantsa, maaaring lagyan ng katas ng kalamansi at asin.

________ 2. Kuskusin ng likod ng kutsilyo ang damit sa bahaging may tagulamin o amag. Labhan ito sa malamig na tubig at ikula at lagyan ng katas ng kalamansi at banlawan.

________ 3. Lagyan ng katas ng kalamansi at asin ang bahagi ng damit na may kalawang, kuskusin at ibilad ito sa araw. Ulitin nang ilang beses kung kinakailangan hanggang maalis ang mantsa.

________ 4. Ibabad ang damit na may dugo sa tubig habang sariwa pa ito at kuskusin nang mabuti. Sabunin ng sabong panpaligo upang madaling makuha ang mantsa.

________ 5. Hiwain ng mapurol na kutsilyo ang bahagi ng damit na may kandila. Takpan ng tuyong pirasong papel at plantsahin ang bahaging may mantsa.

**Gawain 2**

**Panuto:** Sagutin ang bawat bilang at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kawaderno.

| | | |
|---|---|---|
| tsokolate | Kalawang | chewing gum |
| kandila | pintura | |

1. Ang mantsang ito ay tinatanggal sa pamamagitan paglalagay ng katas ng kalamansi at asin sa damit na namantsahan.

2. Ang mantsang ito ay maaaring tanggalin sa pamamagitan ng pagkuskus ng yelo sa kabila ng damit na may mantsa upang tumigas. Kaskasin lamang ang tumigas na mantsa gamit ang kamay o likod ng kutsilyo.

3. Madaling tanggalin ang mantsang ito sa pamamagitan lamang ng pagbabad ng damit sa mainit na tubig ng ilang minuto hanggang sa lumamig ito. Kuskusin ng sabon ang mantsa at labhan.

4. Ang mantsang ito ay tinatanggal sa pamamagitan ng paglalagay ng gaas o thinner gamit ang basahan at ikuskos ito sa damit na may mantsa. Buhusan ng mainit na tubig, banlawan, sabunin at labhan ito.

5. Ang mantsang ito ay tinatanggal sa pamamagitan ng pagkaskas ng barya o likod ng kutsilyo sa bahagi ng damit na may mantsa at takpan ng mamasa-masang pirasong papel at plantsahin ang bahaging may mantsa nang ilang ulit hanggang masipsip ng papel ang natunaw na mantsa.

## *Suriin*

Basahing mabuti.

**Ang Paglalaba sa Paraan ng Pagkilala at Pag –aalis ng Mantsa sa Damit**

Sa paglalaba ay tinatanggal natin ang mga dumi na kumapit dito, lalong lalo na ang mantsa. Ang mantsa na kumapit sa damit ay hindi magandang tingnan. Ang hindi pag – alis ng mantsa sa damit ay nagpapakita ng kapabayaan ng nagsusuot nito. Dapat tanggalin ang mantsa habang sariwa pa. Mahirap kasing alisin ang mantsa kapag ito ay tuyo na. Ang paglalaba ay isang gawain na dapat matutunan ng bawat kasapi ng mag – anak. Pag – aralan ang mga sumusunod na paraan at pagkilala sa pagtanggal ng mantsa.

**Mga Uri ng Mantsa at Wastong Paraan ng Pag – alis ng mga Mantsa**

1. **Dugo** - Ibabad ang damit na may dugo sa palangganang may tubig at kuskusin nang mabuti. Sabunin ng sabong panligo upang madaling makuha ang mantsa. Kung may bahid pa ng mantsa, ibilad ito upang lubusang matanggal ang mantsa.

2. **Tsokolate** - Ibabad ang damit na may tsokolate sa mainit na tubig ng ilang minuto hanggang sa lumamig ito. Kuskusin ng sabon ang mantsa at labhan. Kung hindi matanggal ang mantsa, gamitan ng katas ng kalamansi at asin.

3. **Tinta** – Buhusan ng alkohol ang sariwang mantsa ng tinta. Banlawan sa malamig na tubig bago labhan at sabunin. Kung di pa matanggal ang mantsa, maaaring lagyan ng katas ng kalamansi at asin.

4. ***Chewing gum*** – Kuskusin ng yelo ang kabila ng damit na may chewing gum upang tumigas. Kaskasin ang tumitigas na chewing gum ng mga kamay o likod ng kutsilyo. Kung may naninikit pa kuskusin ang mantsa ng bulak na may gaas upang maalis ang paninikit.

5. **Putik** – Kuskusin ang putik sa damit gamit ang eskoba bago ito sabunin at labhan.

6. **Kalawang** – Lagyan ng katas ng kalamansi at asin ang damit na namantsahan, kuskusin at ibilad ito sa araw. Ulitin nang ilang beses kung kinakailangan hanggang maalis ang mantsa.

7. **Mantika o langis** – Labhan ang damit na may mantika o langis sa maligamgam na tubig na may sabon. Wisikan ito ng pulbos ang bahaging may mantsa ng mantika o langis. Ipagpag ito. Ulitin ng ilang beses kung kinakailangan. Ipitan ang mantsa sa pagitan ng blotting paper at diinan ng plantsa.

8. **Kandila** – Kaskasin ng likod ng kutsilyo o barya ang bahagi ng damit na may kandila. Takpan ng mamasa-masang pirasong papel at plantsahin ang bahaging may mantsa nang ilang ulit hanggang masipsip ng papel ang natunaw na kandila.

9. **Tagulamin o Amag** – Kuskusin ng eskoba ang damit sa bahaging may tagulamin o amag. Labhan ito sa mainit na tubig at ikula at lagyan ng katas ng kalamansi at banlawan. Sabunin uli at labhan. O di kaya ay ibilad sa araw ang mantsang nilagyan ng katas ng kalamansi at asin. Ulitin ito nang ilang beses hanggang matanggal lahat ng mantsa.

10. **Katas ng prutas, kape, tsaa** – Ibabad ang damit na namantsahan sa mangkok sa malamig na tubig. Banatin ang bahaging may mantsa sa ibabaw ng mangkok. Buhusan ito ng kumukulong tubig.

11. **Ihi** – Sabunin sa tubig na may suka ang damit na may ihi hanggang maalis ang mantsa.


12. **Pintura** – Basain ng gaas o thinner ang basahan at ikuskos ito sa damit na may pintura. Buhusan ng mainit na tubig. Banlawan, sabunin at labhan.

13. ***Syrup*** – Ibabad sa mainit na tubig ang damit na may syrup. Sabunan ito at labhan.

Ang pagsusuot ng malinis na damit ay nakatutulong para maging maaliwalas ang ating pakiramdam. Mahalagang mapangalagaan ng mabuti ang mga kasuotan upang mapanatili ang kaayusan nito.

Narito ang ilan sa mga tuntunin sa tamang pamamaraan ng pagtanggal ng mantsa sa mga damit upang masigurado ang kalinisan nito.

1. Kilalanin muna ang uri ng tela ng damit bago ito tanggalan ng mantsa.
2. Bago simulan ang pagtanggal ng mantsa, siguraduhin muna na nakahanda ang lahat ng mga kagamitan upang masigurado na magiging maayos ang lahat.
3. Ilagay muna ng dahan-dahan ang pang-alis ng mantsa at gawin ito sa nakatagong bahagi upang malaman kung ito ay may masamang epekto sa damit o wala.
4. Gumamit ng malinis na puting tela, sponge o medicine dropper sa paglalagay ng pang-alis ng mantsa at gawin ito ng mabilisan.
5. Agad na banlawan ang bahaging tinanggalan ng mantsa upang hindi ito maka apekto sa iba pang bahagi ng damit at agad na patuyuin.



## *Pagyamanin*

Ngayon, narito ang iba't-ibang mga kasanayan o mga gawain na dapat mong sagutin. Dito masusukat ang iyong kaalaman sa modyul na ito.

**Gawain 1**

1. Basahing muli ang **Suriin** (pahina 5-6) at alamin ang karaniwang gamit sa pag – alis ng mantsa sa damit.
2. Piliin sa loob ng kahon ang mga karaniwang ginagamit sa pagtanggal ng mantsa sa damit. Isulat ang tamang sagot. Gawin ito sa inyong kwaderno.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| kalamansi | asin | mainit na tubig | patpat | |
| patis | suka | gaas | sabon | mantika |

**Gawain 2.**

1. Balikan ang **Suriin** (pahina 5-6), basahin ito at ikabit ang iyong karanasan sa iyong nabasa.
2. Isulat ang mga uri ng mantsa na maaring kumapit sa damit sa ibaba. Sumulat ng sampung uri ng mantsa.



**Gawain 3**

1. Isipin mo ang kahalagahan ng paglalaba sa pag – alis ng mantsa.
2. Ano ang kahalagahan ng pagtanggal ng mantsa sa damit? Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot.
   A. Upang madaling masira ang mga damit at kaaya – aya itong tingnan.
   B. Maging malinis ang kasuotan.
   C. Ipagmalaki mo na ang iyong mga damit ay malinis at magandang tingnan.
   D. Upang tumagal ang buhay ng mga damit.
   E. Pabaya sa mga kasuotan.
   F. Maging pamantayan o pamarisan sa iba kung ikaw ay mayroong malinis na damit.

## Isaisip

Ano-ano ang mga bagay na natutuhan mo sa modyul na ito? Mahalaga ba ang iyong mga nalaman dito? Kung ganun, punan ng tamang sagot ang bawat patlang batay sa iyong natutunan sa aralin.

Ang (1.) ________________ ay isang gawain na dapat matutunan ng bawat kasapi ng mag – anak. Ang kailangan lamang ay pagsanayan ang iba't ibang paraan ng (2.) ___________ ng mga kasuotan. Ang (3.) _____________ sa uri at paraan ng pag – alis ng (4.) __________ ay dapat maisaisip upang mapadali ang gawain. Ang (5.) __________ ng damit ay nag papakita na ang may suot ay hindi pabaya sa kanyang mga damit.

## Isagawa

**Panuto:** Tukuyin sa loob ng kahon ang wastong paraan ng pag – alis o pagtanggal ng mantsa sa damit. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

a. mainit na tubig
b. katas ng kalamansi at asin
c. yelo
d. alkohol
e. tubig na may suka

1. Kalawang ______________________
2. Chewing Gum ______________________
3. Mantika o Langis ______________________
4. Tinta ______________________
5. Ihi ______________________

## Tayahin

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dapat gagawin sa mantsa ng dugo bago ito kusutin at sabunin?
   a. lagyan ng kalamansi
   b. ibabad sa tubig
   c. buhusan ng mainit na tubig

2. Kung ang iyong damit ay nadikitan ng chewing gum, ano ang iyong gagawin pag–uwi sa bahay?
   a. lagyan ng asin at kalamansi
   b. ibabad sa araw ang mantsa
   c. lagyan ng yelo ang mantsa upang tumigas ito bago kaskasin

3. Habang ikaw ay nag pipintura sa bubong ng iyong tahanan ay di mo namalayan na may pintura na pala ang iyong damit. Ano ang iyong gagawin?
   a. kaskasin ng mapurol na kutsilyo
   b. kuskusin ng bulak na may gaas o thinner
   c. budburan ng asin ang sariwang pintura

4. Ang mga bata ay mahilig kumain ng matatamis na pagkain, lalo na ang tsokolate. Hindi maiwasan na magkaroon ng mantsa ang kanilang mga damit habang sila ay kumakain. Ano ang tamang paraan sa pagtanggal sa mantsa ng tsokolate?
   a. labhan ng sabon at tubig ang mantsa
   b. kusutin sa tubig na may asin
   c. ibabad ang mantsa sa mainit na tubig

5. Paano kuskusin ang mantsa sa damit upang hindi masira ang damit?
   a. kuskusing maigi ang mantsa upang matanggal agad ito
   b. marahang kuskusin ang mantsa sa damit
   c. ibuhos ang lahat ng iyong lakas sa pagkuskus sa mantsa

6. Ang alkohol ay isa sa mga kagamitan sa pag–alis ng mantsa, alin sa mga sumusunod na mantsa ito gagamitin?
   a. putik
   b. kalawang
   c. tinta

7. Ang ihi ay isa sa mga mantsa na karaniwang makikita sa damit ng mga bata. Paano mo tanggalin ang mantsa?
   a. basain ng thinner
   b. sabunin ng tubig na may suka
   c. ibabad sa mainit na tubig

8. Paano mo tatanggalin ang putik na kumapit sa damit mo?
   a. Lagyan ng katas ng kalamansi at asin at kusutin.
   b. Ibabad ang damit sa mainit na tubig, sabunin at kusutin.
   c. Kuskusin ang mantsa gamit ang brush bago ito sabunin at labhan.

9. Alin sa sumusunod ang mabisang pang – alis ng kalawang sa damit?
   a. mainit na tubig
   b. kalamansi at asin
   c. pulbos

10. Ano ang mabisang pang- alis ng mantsa ng dugo?
    a. sabong panligo
    b. sabong panlaba
    c. sabong pampaputi ng balat

## ***Karagdagang Gawain***

Sa wakas ay alam mo na ang mga paraan sa pagtanggal ng mantsa**.** Dapat, ugaliin ang pagtulong sa mga gawaing bahay.

Ngayon, sumulat ng dalawang pangungusap kung paano ka makatutulong sa iyong pamilya gamit ang iyong mga nalalaman tungkol sa modyul na ito. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Tama
10. Tama

**Balikan**

3
4
8
1
5
10
7
6
9
2

**Tuklasin**

Gawain 1

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

Gawain 2

1. Kalawang
2. Chewing Gum
3. Tsokolate
4. Pintura
5. Kandila

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. Kalamansi
2. Asin
3. Init na tubig
4. Suka
5. Gaas
6. sabon

**Gawain 2**

Iba-iba ang maaring sagot.

**Gawain 3**

1. B 3. D
2. C 4. F

**Isaisip**

1.paglalaba

2. pangangalaga

3. kaalaman

4. mantsa

5.kalinisan

Isagawa

1. B
2. C
3. A
4. D
5. E

Tayahin

1. B
2. C
3. B
4. C
5. B
6. C
7. B
8. C
9. B
10. A

**Karagdagang Gawain**

1. Ibahagi ko ang aking kaalaman sa pagtanggal ng mantsa sa mga damit sa aking mga kapatid at magulang.

2. Isabuhay ko ang aking natutunan sa modyul na ito.

## *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide 2016: EPP5HE–0c–7 page 22

Teacher's Guide:  EPP5HE p. 30 - 31

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5 p. 120 -122

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph